# Dekriminalisasyon para sa Mga Gumagamit ng Bawal na Gamot sa BC

Para sa mga indibidwal na 18 taong gulang pataas sa BC, pinapahintulutan ng dekriminalisasyon ang posesyon ('pagkakaroon') ng kaunting dami ng ilang partikular na ilegal na droga (mga opioid, crack at powder cocaine, methamphetamine, MDMA) para sa personal na paggamit sa mga espesipikong lokasyon.

## Bakit

Ang substance use (paggamit ng bawal na gamot at pag-inom ng alak) ay isang isyu sa pampublikong kalusugan at hindi pangkrimen. Nakakatulong ang dekriminalisyon sa pagbawas ng stigma at takot sa kriminal na prosekusyon na pumipigil sa mga indibidwal na humingi ng tulong. Ang paglilimita ng dekriminalisasyon sa mga espesipikong lokasyon ay binabalanse ang hangaring ito at ang kahalagahan na matiyak na mananatiling ligtas at mapupuntahan ng lahat ng miyembro ng komunidad ang mga pampublikong lugar.

## Sino

Mga indibidwal na 18 taong gulang pataas sa BC. Hindi ito naaangkop para sa mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang.

## Kailan

Mula Mayo 7, 2024
hanggang Enero 31, 2026.

## Saan

Mga pribadong tirahan, mga lugar kung saan legal na sumisilong (sheltering) ang mga indibidwal na walang tirahan (unhoused), mga lugar para sa prebensiyon ng overdose, drug checking (pagsusuri ng droga), at supervised consumption, at sa mga outpatient addictions service site sa BC.

## Ano ang naka-decriminalize

Para sa mga indibdwal na 18 taong gulang pataas sa BC, pinapahintulutan ang posesyon ('pagkakaroon') ng kabuuang katumbas o mas kaunti sa 2.5 gramo ng mga sumusunod na ilegal na droga para sa personal na paggamit:

- Mga opioid (kabilang ang heroin, morphine, at fentanyl)
- Cocaine (kabilang ang crack at powder cocaine)
- Methamphetamine (meth o shabu)
- MDMA (ecstasy)

Naaangkop ang dekriminalisasyon sa:

- Mga pribadong tirahan
- Mga lugar kung saan legal na sumisilong (sheltering) ang mga indibidwal na walang tirahan (mga lokasyon na indoor at outdoor)
- Mga lugar para sa prebensiyon ng overdose, drug checking (pagsusuri ng droga) at supervised consumption
- Mga lugar na naghahatid ng out-patient na serbisyo para sa adiksiyon (pagkalulong)

Sa mga lokasyong ito, ang mga indibidwal na 18 taong gulang pataas ay hindi aarestuhin, kakasuhan, papatawan ng multa o kukumpiskahin ang kanilang gamit na droga. Sa halip, bibigyan sila ng impormasyon tungkol sa mga boluntaryong pangkalusugan at panlipunang suporta.

## Ano ang mananatiling ilegal sa BC

Para sa mga indibidwal na 18 taong gulang pataas, hindi pinapayagan ang posesyon ng:

- Mahigit sa 2.5 gramo ng pinagsama-samang bawal na gamot na sakop ng eksepsiyon
- Anumang dami ng iba pang ilegal na droga na hindi sakop ng eksepsiyon
- Anumang dami ng mga bawal na gamot sa mga pampublikong lugar tulad ng mga ospital, negosyo, pampublikong transportasyon at mga parke

Nananatiling ilegal ang paggamit sa publiko ng bawal na gamot, maliban sa mga lokasyon na sakop ng eksepsiyong ito.

Hindi pinapahintulutan ang posesyon ng anumang dami ng bawal na gamot o droga para sa mga kabataang wala pang 18 taong gulang.

Ang mga ipinagbabawal na gamot o droga ay hindi legal. Hindi pinapahintulutan ang mga sumusunod:

- Pag-import o pag-export
- Paggawa o produksiyon
- Ilegal na pangangalakal o trafficking
- Pagdala sa ibang lugar sa loob o labas ng bansa

Bersiyon: Hunyo 28, 2024
Para sa pinakabagong impormasyon at kumpletong listahan ng mga eksepsiyon, sumangguni sa **www.gov.bc.ca/Decriminalization**

BRITISH COLUMBIA
Ministry of Mental Health and Addictions

## Saan naaangkop ang dekriminalisasyon sa ilalim ng binagong eksepsiyon?

Sa loob ng isang pribadong tirahan: Ang isang pribadong tirahan ay isang gusali, bahagi ng gusali, o trailer na ginagamit bilang tirahan, at kabilang dito ang katabing lugar na ginagamit ng mga residente (hal. pribadong balcony o backyard). Maaari rin itong tumukoy sa isang pribadong guest room sa isang hotel, motel o ibang pasilidad na ginagamit bilang akomodasyon.

Sa isang lugar kung saan legal na sumisilong (sheltering) ang isang indibdwal na walang tirahan (unhoused): Ang isang indibidwal ay legal na sumisilong o nagse-shelter sa isang lugar kung walang mga bylaw na ipinagbabawal ang pag-shelter sa isang lokasyon. Parehong kasama sa depinisyong ito ang mga outdoor (nasa labas) at indoor (nasa loob) na emergency shelters. Kinikilala ng mga pulis na mayroong iba't ibang uri ng shelter ang mga indibidwal (hal., sleeping bag, tent, mga tarp, atbp.) at maaaring mayroong mga pangkaligtasang konsiderasyon (hal., panganib ng sunog) ang paninigarilyo ng bawal na gamot sa loob ng isang tent. Paalala: hindi nangingibabaw ang dekriminalisasyon kumpara sa mga naaangkop na bylaw o patakaran para sa mga shelter.

Sa loob ng isang tinukoy o designated na health care clinic: Kabilang sa mga designated health care clinic ang mga lugar kung saan ang mga pangunahing inihahatid na serbisyo ay para sa harm reduction o reduksiyon ng pinsala (hal. mga lugar para sa prebensiyon ng overdose, pagsusuri ng droga o drug checking at supervised consumption) o mga out-patient na serbisyo para sa adiksiyon (hal. mga rapid access addiction clinic o iba pang treatment clinic na matatagpuan sa komunidad).

BRITISH COLUMBIA | Ministry of Mental Health and Addictions